Magkakaroon ng Blue ticket para sa mga nagbibisikletang lumabag sa regulasyon ng trapiko simula Abril 1, 2026

Kahit walang lisensya, ikaw ay isa pa ring DRAYBER

Sundin ang panuntunan at responsableng pagbibisikleta!




Para sa edad 16 o pataas

～Pagkakaroon ng Blue ticket (para sa mga lumabag sa batas at regulasyong pangtrapiko)～

Katulad parin ng dati, ang pagbibigay ng mga babala sa mga hindi tama o delikado ang paraan ng pamimiksekleta ay papatawan na ng parusa.





National Police Agency・Prefectural Police Headquarters

交通ルールを守って つながる笑顔


Pagkontrol sa mga Nagbibisikleta at bibigyan ng babala



Kapag na lamang lumabag sa batas ng trapiko ang nagbibisikleta, **nararapat na bigyang-babala sa oras na makita ito.** Subalit, kung ito ay makakapagdulot ng aksidente o panganib sa mga taong naglalakad at mga sasakyan sa kalsada sa **ito ay papatawan ng parusa bilang delikadong pagbibisikkleta at paglabag sa batas at regulasyong pang trapiko.**

Ang Pag kontrol **at basehan ng pagpataw ng parusa ay hindi mababago kahit na sa pagkakaroon ng blue ticket.**

Sistema sa paglabag sa trapiko at notipikasyon nito



Ito ay sistema na kung ang may edad na 16 pataas na lumabag *1 ay iisyuhan ng blue ticket (na nakasulat ang ginawang paglabag sa batas o regulasyong pangtrapiko), ipapaalam ang halaga ng penalty na dapat bayaran upang hindi magkaroon ng rekord sa presinto。

*1 Paglabag：Kabilang ng mga uri ng paglabag sa trapiko, ang hindi pagsunod sa traffic light, hindi pagtigil sa kapag may sign na dapat tumigil sandali po ichiji teishi na nahuli ng pulis at mapapatunayan na ito ay paglabag sa batas o regulasyon ng trapiko.

Paglabag sa batas ng trapiko

Paglabag



Blue Ticket

Pagbabayad ng penalty

Matatapos

Maaaring maging krimen

Napakabigat na paglabag *2 at nakapagdulot ng aksidente

*2 napakabigat na paglabag: pagmamaneho nang nakainom ng alak・pagmamaneho nang lasing, nakakaistorbo sa daan at paggamit ng mobile phone , hit and run atbp



Red Ticket

Hindi magbabayad ng Penalty

Dadalhin sa Presinto

Pagpunta sa Presinto・Imbestiga, paglilitis sa korte, Pagbabayad ng penalty.

Mga uri ng Paglabag at mga penalty nito

12,000 yen

- Paggamit ng mobile phone habang namimisikleta

7,000 yen

- Pagpasok sa railroad crossing kahit sarado na ito o nakababa na ang bar

6,000 yen

- Hindi pagsunod sa traffic light
- Hindi pagsunod sa mga safety measures ng trapiko
- Pagdaan sa maling daanan (pasalubong, pagdaan sa bangketa na dinadaanan ng mga tao)
- Pagiging sagabal sa mga taong nagdadaan

5,000 yen

- Hindi pagtigil nang sandali sa mga lugar na may paskil nito
- Hindi paggamit ng ilaw
- Paggamit ng bisikletang may sirang piyesa

3,000 yen

- Pagbibisikleta nang nakahilera
- Pagbibisikleta ng hindi angkop sa laki ng bisikleta o may nakaangkas

Seminar para sa mga lumabag

Ito ay upang maiwasan ang mga peligro sa pamimisikleta at maiwasang lumabag sa batas ng trapiko na inilahad ng Public Safety Commission na isagawa. Ang mga hindi pumunta sa seminar na ito ay papatawan ng parusang pagbabayad ng penalty na 50,000 yen pababa.

Delikadong Pamimisikleta Hindi pagsunod sa traffic light, hindi tumigil sandali sa mga lugar na may paskil nito, pamimisikleta sa maling daan o lugar atbp.